# Siguraduhing sakop ng seguro ang iyong mga anak!

## Malapit na ang mga pag-renew ng Medicaid.

**Para sa Mga Magulang!** Ang inyong anak ba ay nakaseguro na sa pamamagitan ng KanCare? May mga pagbabagong darating sa Medicaid. Maaaring makaapekto ang mga pagbabagong ito sa coverage ng inyong mga mahal sa buhay. Kung kayo o ang inyong anak ay kasalukuyang naka-enroll sa Medicaid, posibleng kailanganin ninyong i-renew ang inyong coverage. Ang proseso ng pag-renew ay mahalaga upang matulungan ang inyong mga anak na mapanatili ang kanilang segurong pangkalusugan.

### Hakbang 1: I -update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Siguraduhing mayroon ng iyong **pinakabagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan** ang KanCare. Kabilang dito ang iyong mailing address, email, at numero ng telepono. I-update sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-792-4884 o paggamit ng chatbot sa KanCare.ks.gov

SCAN ME

kancare.ks.gov

### Hakbang 2: Suriin nang madalas ang iyong mail

Makakatanggap ka ng naka-print na liham na nagpapaliwanag sa pagiging kwalipikado mo o ng iyong anak para sa Medicaid. Sasabihin sa iyo ng liham na ito kung **paano i-renew ang iyong coverage**.

### Hakbang 3: Punan ang iyong form sa pag-renew sa takdang petsa

Punan ang form sa pag-renew at ibalik ito sa KanCare sa ibinigay na address. May partikular na takdang petsa at takdang panahon kung kailan kailangang punan ang form na ito. Mas makakabuti na magpadala ng hindi kumpleto pero napirmahan nang form sa lalong madaling panahon kaysa maghintay sa lahat ng impormasyon.

Kung hindi mo ibabalik ang iyong form sa pag-renew sa takdang petsa, **mawawalan ng coverage ang iyong pamilya** anuman ang katayuan ng pagkakwalipikado nila. Upang malaman kung kailan ang iyong buwan ng pag-renew, tawagan ang KanCare Clearinghouse (800-792 -4884) o ang iyong provider ng seguro.



**Hindi na kwalipikado? Makipag-ugnayan sa isang Navigator para sa libreng tulong.**

**www.getcoveredkansas.org**

Cover Kansas™

*Ang publikasyong ito ay suportado ng Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS)) ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao (Department of Health and Human Services (HHS)) ng U.S. bilang bahagi ng gantimpalang tulong pinansyal na 100 porsyentong pinopondohan ng CMS/HHS. Ang mga nilalaman ay galing sa (mga) may-akda at hindi nangangahulugang kinakatawan nito ang opisyal na pananaw ng, maging ang pag-endorso, ng CMS/HHS, o ng Pamahalaan ng U.S.*

# Siguraduhing sakop ng seguro ang iyong mga anak!

## Malapit na ang mga pag-renew ng Medicaid.

**Para sa Mga Magulang!** Ang inyong anak ba ay nakaseguro na sa pamamagitan ng KanCare? May mga pagbabagong darating sa Medicaid. Maaaring makaapekto ang mga pagbabagong ito sa coverage ng inyong mga mahal sa buhay. Kung kayo o ang inyong anak ay kasalukuyang naka-enroll sa Medicaid, posibleng kailanganin ninyong i-renew ang inyong coverage. Ang proseso ng pag-renew ay mahalaga upang matulungan ang inyong mga anak na mapanatili ang kanilang segurong pangkalusugan.